CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

**OPISYAL NA PAHAYAG**

Enero 28, 2021
Pakikipag-ugnay: Jennifer Songster, Pampublikong Aklatan ng Long Beach, 562.570.6860, Jennifer.Songster@lbpl.org

Para sa Agarang Pahayag

# Nag-aalok ang Pampublikong Aklatan ng Long Beach ng Libreng Pag-access sa mga Popular na Digital Magazine

## *Magbasa ng mga Magazine Mula sa Telepono, Tablet o Kompyuter*

Long Beach, CA - Ang Pampublikong Aklatan ng Long Beach (LBPL, inisyal sa Ingles) ay may higit sa 3,500 na mga digital magazine na makikita sa kanilang OverDrive site nang libre.

"Ang pagbibigay ng libre at madaling pag-access sa libu-libong mga digital magazine ay kasama sa maraming mapagkukunan na makikita sa aming pampublikong aklatan," sabi ni Mayor Robert Garcia. "Sa panahon na hindi maaaring makapunta ang mga tao sa kanilang lokal na aklatan nang personal, ang bagong koleksyon na ito ay magbibigay ng pag-access sa mga magazine at magbibigay sa mga mambabasa ng pagkakataon na magsaliksik ng mga bagong interes mula sa bahay."

Gamit ang wastong LBPL library kard, kahit sino ay maaaring manghiram mula sa digital na koleksyon nito sa pamamagitan ng pagbisita sa Digital Library o pag-download ng Libby, ang isang-tapik na app sa pagbabasa mula sa OverDrive. Ang mga tanyag na magasin ay ang pinakabagong karagdagan sa Digital na Aklatan na mayroon nang libu-libong libreng mga eBook at eAudiobooks, pahayagan, at mga database ng pagsasaliksik tulad ng Data Axle (direktang marketing) at Ancestry para sa Mga Aklatan (pagsasaliksik sa talaangkanan).

"Ang aming bagong koleksyon ng magazine ay may mga pamagat mula sa mga bansa sa buong mundo, kabilang ang Mexico, Japan, China, Australia, India at Sentral at

Timog Amerika, lahat sa orihinal na nalathang wika," sabi ng Direktor ng mga Serbisyo sa Aklatan na si Glenda Williams. "Nasasabik kaming makapag-alok ng magkakaibang koleksyon sa aming mga patron."

Ang mga magasin ay buong-pahina na format, walang mga listahan ng paghihintay o mga hold, hindi binibilang patungo sa mga limitasyon at nagbibigay sa mga mambabasa ng pagkakataon upang baguhin ang kanilang mga pagpipilian. Maaari ring i-download ng mga mambabasa ang mga magasin sa Libby para sa offline na paggamit.

Tugma ang serbisyong ito sa lahat ng pangunahing mga kompyuter at aparato, kabilang ang mga iPhone®, iPad®, mga Android™ na aparato, Windows® tablet at Kindle® [mga aklatan ng US]. Ang lahat ng mga pamagat ay awtomatikong magwawakas sa pagtatapos ng panahon ng pagpapahiram at walang bayarin sa pagiging huli.

Maaaring i-browse ng mga mambabasa ang digital na koleksyon ng aklatan, agad na humiram ng mga pamagat at magsimulang magbasa o makinig nang libre sa pamamagitan ng pag-download ng Libby o pagbisita sa longbeach.gov/library/digital-library/.

Ang kawani ng Pampublikong Aklatan ng Long Beach ay nariyan upang tulungan ang mga mambabasa sa pamamagitan ng telepono sa 562.570.7500, Martes hanggang Sabado, mula 10 a.m. hanggang 5 p.m.

**Tungkol sa Lungsod ng Long Beach**
Tahanan ng humigit-kumulang na 470,000 katao, ang maramihang award-winning at makabagong Lungsod ng Long Beach ay nag-aalok ng lahat ng mga world-class na mga amenidad ng isang malaking metropolitan na lungsod habang nagpapanatili ng isang pakiramdam ng indibidwal at magkakaibang kapitbahayan na magkakasama sa baybayin ng California. Bilang isang buong-serbisyong charter na lungsod, ang Long Beach ay tahanan ng Queen Mary, Aquarium of the Pacific, maraming mga museo at sinehan, isang mataas na rating na school distrito, Long Beach Airport, at ang Port of Long Beach, pati na rin ang mga award-winning na kagawaran ng Lungsod kabilang ang Kalusugan, Parke, Libangan at Marina, Mga Serbisyong Pagpapaunlad at iba pa. Ang Lungsod ay mayroon ding iginagalang na unibersidad at kolehiyo ng lungsod,

dalawang makasaysayang rancho, limang ospital, limang golf course, 171 parke, milya ng mga beach, mga marina, at mga landas ng bisikleta at isang Bike Share na programa.

Para sa karagdagang impormasyon sa Lungsod ng Long Beach, bumisita sa http://longbeach.gov/. Sundan kami sa social media upang malaman ang pinakabagong balita: Facebook, Twitter, Instagram, at YouTube.

**Tungkol sa Pampublikong Aklatan ng Long Beach**
Ang Pampublikong Aklatan ng Long Beach, na itinatag noong 1896, ay naglilingkod sa magkakaibang urbanong lungsod na malapit sa kalahating milyong tao. Ang sistema ng Pampublikong Aklatan ng Long Beach ay kinabibilangan ng Main Library at labing-isang aklatan sa kapitbahayan at isang masiglang online na presensya. Noong tag-init ng 2017, ang Pampublikong Aklatan ng Long Beach ay ginawaran ng National Medal para sa Serbisyo sa Aklatan at Museo bilang pagkilala sa matagumpay na pakikipagtulungan sa komunidad, makabagong STEM (Siyensiya, Teknolohiya, Engineering, at Matematika) at mga programang nakatuon sa literatura sa mga residente ng Long Beach. Na mayroon ding pag-diin sa pagbibigay ng libre at pantay na pag-access sa impormasyon at suporta para sa pag-aaral ng habang buhay, ang Aklatan ay nag-aalok ng mga libro, media, database, pag-access sa internet, mga Sentro ng Pag-aaral Pangpamilya, makerspaces, at iba't ibang mga kaganapan mula oras ng kuwentuhan hanggang sa mga programang pangkultura.
Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa http://www.longbeach.gov/library, "i-Like" ang Pampublikong Aklatan ng Long Beach sa Facebook, at sundan kami sa Twitter at Instagram.

###